Pintig
KORYESU
OPISYAL NA PAHAYAGANG FILIPI
COLLEGE (BASIC EDUCATI
KASAPI: NATIONAL SCHOOL



*Makabagong laboratoryo sa paglinang ng kaalaman. Masayang pinapatnubayan ni Gng. Terisita Rodrigez (itaas) at Bb. Ronette Ayangco ang mga nagaganap na gawaing panlaboratoryo.*

*kuha ni Prince Lemuel Davis*

CJC Basic Education Department

# P3M Laboratoryo, inihandog

**Mga bagong laboratoryo, kagamitan, at mga pasilidad, isang malaking handog na itinupad ng Cor Jesu College Basic Education Department sa pagkamit ng dekalidad na karunungan sa mga mag-aaral.**

"Isang malaking tulong," sambit ni G. Kirt Anthony Diaz, punongguro ng Cor Jesu College Basic Education Department sa mahigit tatlong milyong piso kabuuhan na laboratoryong ipinatayo.

Humigit isang milyong piso para sa Computer Laboratory at dalawang milyong piso naman sa mga Science Laboratories ang inilaan sa mga mag-aaral ng BED na sinimulang gamitin noong pasukan, Hunyo 2012.

Pinangunahan naman ni Gng. Vivienleigh Mori, Math and Science Moderator at Gng. Teresita Rodriguez, Makabayan Coordinator ang pagpaplano sa proyektong ito na sinuportahan ni G. Diaz.

Pangunahing layunin ng pagpapatayo nito ang mapatibay pa ang dekalidad na pagtuturo sa mga mag-aaral at mapunan ang mga hiling ng mga magulang sa pagbuo ng proyektong ito.

Layunin din ng pagpapatayo nito ang makapasa sa mga istandard na tugon ng PAASCU.

Naging matagumpay at maayos naman ang naging kinalabasan ng paggamit sa mga bagong laboratoryong ito base sa naging pagmomonitoring ni G. Diaz.

Nasambit ng punnongguro na kulang pa ang mga laboratoryong ito at inaasahang dadagdagan pa ito bilang parte sa nasabing *strategic plans* na mapaunlad ang Science and Math Curriculum ng paaralan. ***(Nikka Angela Junsay)***

# Dr. Tudy namulsa ng parangal

Samu't saring parangal ang nauwi ni G. Tudy, isang guro ng College Department ng Cor Jesu at dating punnongguro ng Cor Jesu College Basic Education Department sa nagdaang Global Conference on Education, Business Engineering, and Sciences (GCEBES 2012) sa Marina Bay Sands Expo and Convention Center, Singapore, Oktubre 24–26, 2012.

Sa ilalim ng Interdisciplinary Research category, si Tudy ang pinarangalang "The Globe's Best Oral Presenter, Globe's Best Powerpoint Presentation at Globe's Best Dressed Researcher" na nag-uwi ng Diamond First Place Award sa mga nasabing parangal.

Dinaluhan ng mga panauhin na mula sa iba't ibang bansa ang pagpupulong kabilang na ang mga researchers galing sa Indonesia, Singapore, Saudi Arabia, Iran, Russia, South Africa at Pilipinas.

Suportado ang pagpupulong nito sa International Association of Multidisciplinary Research (IAMURE). ***(Nikka Angela Junsay)***




*Tindig ng tagumpay. Si Dr. Randy Tudy sa kanyang presentasyon sa Singapore.*

EMR

# 17 iskawt ng CJC sumabak



*Katatagan ng bilis ng isipan ang ginamit ni Kyle Angela Arellano upang tawirin ang tulay na kawayan sa ginanap na Adventure Trail sa Eastern Mindanao Regional Scout Jamboree.*

Sumabak ang mga 17 iskawts ng Cor Jesu College Basic Education Department (BED) sa naganap na Eastern Mindanao Region (EMR) jamboree noong nakaraang Agosto 1–5, 2012 sa Alabel, Sarangani Province.

May pinakamalaking bilang ng mga kalahok ang Cor Jesu kung saan aktibo itong nakilahok sa samu't saring mga training na isinagawa.

Pinaunlakan naman ni Congressman Manny Pacquiao ang maging panauhin sa unang araw ng Camporal. Pinangunahan din ni Pacquiao ang pagrepresenta sa mga kalahok na nagmula pa sa ibang probinsya ng EMR.

"Natutuwa ako at nakasali ako sa jamboree na 'to. Marami akong natutunan mula rito at talagang enjoy na enjoy kami!" pahayag ni Patrick Salmorin, isa sa iskawt ng CJC. ***(Nikka Angela Junsay)***

# PAASCU magbabalik; CJC BED naghahanda



*Pinamunuan ni Dr. Kirt Anthony Diaz, punongguro ang masusing pagsusuri sa mga kakailanganing dokumento na kinakailangan ng PAASCU.*

Puspusan ang paghahanda ng Cor Jesu College Basic Education Department sa muling pagbabalik ng Philippine Accrediting Association of School, Colleges and Universities o PAASCU na sasabak na naman sa isang pormal na bisitasyon sa darating na Pebrero 11–12, 2013.

Nag-iisa ang Cor Jesu College sa Davao del Sur na dumulog sa pagpasa sa mga istandard ng PAASCU upang mapabilang ito sa isang PAASCU accredited na paaralan.

Inaprubahan ng PAASCU evaluators ang departamento para sa isang pormal na bisitasyon ngayong taong 2013 matapos ang naganap na consultancy visit noong Pebrero 18, 2012 na layuning pabutihin ang serbisyo at akademikong pagganap.

"Umaasa akong makapapasa tayo sa unang lebel," nasambit ni G. Kirt Anthony Diaz, punongguro ng paaralan. Dagdag pa nito, kapag iyon ay mapatupad, ikagagayak na gagawa naman ng alinsunod na pamantayan ang paaralan.

Sa kasalukuyan, pinaghahandaan na ang departamento sa nasabing bisitasyon lalo na ang mga mag-aaral at guro. ***(Franzria Eda Ferriols)***

*GGM*

## *Unang Anibersaryo idinaos*

Nagdaos ang Gaisano Grand Mall of Digos ng kanilang unang anibersaryo kung saan nag-uumapaw na sale at sari-saring pagbibigay-kasiyahan ang kanilang inihandog sa mga mamimiling walang sawang tumatangkilik sa kanilang mall.

Noong ika-20 ng Oktubre lamang ay dinagsa ang sikat na actor na si Enrique Gil na naimbitahan upang magbigay-aliw sa mga tagahangang Digoseño mapa-bata man o matanda. Hindi inalintana ng mga Digoseño ang siksikan at tulakan masilayan lamang ang aktor kahit pa sandal lang itong nanatili sa entablado. Sa kabilang dako naman, bukod sa mga murang presyong mga paninda ay hindi rin magkamayaw ang mga tao sa pamimili ng mga panindang naka-sale sa "department store," "grocery" at iba pang mga puwesto.

Samakatuwid, inaasahan pang mas dadami ang mga taong pupunta sa yumayabong na Gaisano Grand Mall dahil unti-unti na itong nagiging parte ng pamumuhay ng mga Digoseño mula nang ito'y magbukas isang taon na ang nakalipas.

## Pambansang Seminar Workshop ginanap; manunulat ng CJC-BED dumalo



*Puspusang ibinahagi ni Bb. Jacque Manabat ang mga batayang kaalaman sa pag-uulat.*

Dinagsa ng mahigit limandaang estudyanteng mamahayag kasama ng kanilang mga tagapayo na nagmula sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas ang National Seminar Workshop on Campus Journalism na ginanap sa Commission of Audit Building, Buhangin, Davao City, Oktubre 2012.

Nakilahok naman ang mga piling estudyanteng mamahayag ng Cor Jesu College Basic Education Department sa sinasabing seminar kasama ang mga tagapayo ng mga opisyal na pahayagan ng BED.

Dinaluhan ng mga kilala at magaling na mamahayag ang seminar na sina Jacque Manabat, isang batikang TV reporter at G. Ronnie Sunggay, Regional Director in Campus Journalism ang seminar bilang panauhing tagapagsalita.

Nagsisilbi ang seminar workshop na isang paghahanda sa mga kalahok na sasali sa mga kompetisyon lalong-lalu na sa dadating na National Schools Press Conference na gaganapin sa Ormoc, Leyte. ***(Nikka Angela Junsay)***

## Pagpapaunlad tinutukan; mga silid binihisan




Mula sa sementong sahig, pinalitan ng mga makabagong tiles ang mga silid ng Basic Education Department na sinimulan noong Setyembre taong kasalukuyan na ilan sa mga pagbabago ng departamento sa umuusbong na pag-unlad ng paaralan.

"Para ito sa mga studyante na maging mas komportable pa sila sa kanilang mga silid," sambit ni G. Diaz.

Dagdag pa niya, pupunan pa ang paglalagay nito sa mga itatayong mga bagong gusali ng BED dahil na rin sa lumalaking bilang ng mga studyante. ***(Freya Canedo)***

# *Gusali ng VocTech inayos*

"Layunin naming gawing pang-world class ang bagong kumpuning gusali ng VocTech," tugon ni Engr. Jonas M. Placer, Chairperson ng Engineering and Technology Division sa pagbabago at pag-aayos ng gusali sa VocTech para sa estudyante ng College Department ng Cor Jesu.

Humigit tatlong milyong piso ang inayos sa gusali noong Hulyo 2012 sa kasunduan ng buong lupon ng Dibisyon ng Engineering upang kumpunihin at palitan ang mga luma at sirang kagamitan.

Kasabay sa pagbuti ng gusali ang mahusay na pagtuturo ito dahil sa natamong bagong yunit ng Machining, Welding, Driving, Automotive Service at iba pa. Inalok din ito ng Electrical Installation and Management.

Kasalukuyan pang inaayos ang gusali at inaasahang matatapos ang renobasyon sa darating na Marso. ***(Franzria Eda Ferriols)***

*St. Paul's Bible Quiz*

# CJC-BED pumwesto



Layuning mapalawak ang kaalaman sa Bibliya, susi upang mabuksan muli ang kahalagahan nito, nagdiwang ang John Paul II College ng isang taunang St. Paul's Bible Quiz na sinalihan din ng mga piling mag-aaral ng Cor Jesu College Basic Education Department noong buwan ng Hulyo.

Nilahukan ng iba't ibang paaralan mula sa Rehiyon XI at Rehiyon XII kung saan nakipag-sagupaan ang mga mag-aaral sa tatlong kategorya na nahahati sa Old Testament, Gospel at Acts, Revelation at Letters.

Dalawang pangkat naman ang nagrepresenta sa hanay ng Cor Jesu BED na nahahati sa Team A na binubuo nina Aianna Bianca Birao, Eva Julia Niez at Joshua Tuason at sa Team B naman na sina Vanessa Lasquite, Angelica Carreon at Juven Nino Villacastin.

Nakakuha ng pang-apat na pwesto ang Team A at panlimang pwesto naman ang Team B kung gayon ang Team A ang may pribilehiyo na makapasok sa 2nd round alinsunod sa patakaran na binubuo ng dalawang pangkat ang isang paaralan.

Sa huling eliminasyon na pinagpatuloy ng team A, nasungkit ng Cor Jesu ang pang-pitong pwesto mula sa sampung paaralan na nagtunggalian. ***(Aianna Bianca Birao)***

## *YLC, Sci-tech prov'l inaprobahan; mga paaralan lalahok*

Mula sa tatlong taong pamamayagpag sa dalawang bigateng palatuntunan ng Cor Jesu Basic Education Department, mabubuo na ang kauna-unahang pamprobinsyal na Youth Leadership Camp at Science and Technology Camp sa susunod na taong panunguhan.

Sa pangunguna ni G. Jun Rey Dequina, inaprobahan na ang pagpaplano na isali na rin ang mga pribadong paaralang sekondarya ng Davao del Sur.

Layunin ng dalawang palatuntunang ito na mapamahagi at maparanas sa ibang paaralan ang mga kaalaman at kasanayan na makatutulong sa kanilang pag-aaral.

Hinihintay pa ngayon ang mga sagot mula sa mga paaralan na makikisali rito na kasalukuyan na ding pinaghahandaan sa bumubuong organisasyon ng High School Student's Supreme Government (HSSSG) sa YLC at Science Clubbers naman sa Sci-Tech Camp ng Cor Jesu BED.

Inaasahan ang mga bago at makabuluhang mga workshop na susubok sa mga kakayahan at karunungan ng mga mag-aaral lalo na ang tamang pamumuno at pagtuklas sa mga bagay-bagay ng Agham at Teknolohiya. ***(Nikka Angela Junsay)***

## Gelvero nag-uwi ng ginto

Nag-uwi ng gintong tropeyo si Rheanne Kate Gelvero sa paligsahan Pop Dev na sinalihan nito sa larangan ng poster making.

Nanguna si Gelvero sa mahigit walong manlalahok mula sa iba't ibang paaralang sekondarya sa lungsod ng Digos. Tungkol sa edukasyon, kalusugan, pamamalakad ng gobyerno at populasyon ang nakapalood sa napanalunang poster.

"Kaunti man ang inilaang oras ay masaya pa rin ako sa naging resulta ang kompetisyon at ipinagmamalaki ko ang aking gawa," ani ni Gelvero.

Lalahok muli si Gelvero kasama ang kanyang tagapayo na si Erik Aguinsatan sa pang rehiyon na paligsahan na gaganapin sa Panabo, Davao del Sur ngayong Pebrero. ***(Krizza Batoto)***

*DSPC 2012*


# Pintig, Pulse wagi

Matagumpay na idinaos ang dalawang araw na Division Schools Press Conference na ginanap sa Ramon Magsaysay Central Elementary School noong Oktubre 29–30 2012.

Masayang tinapos ang dalawang araw na paligsahan na umuwi ng iba't ibang gantimpala (E) - Lorraine Gorgonio - 2nd, (F) - Prince Davis sa Photojournalism - 1st, Editorial Cartooning si (F) Frances Campo (E) - Shawn Fabiana - 2nd, Editorial Writing (E) - Juven Villacastin - 1st, (F) - Fiona Nicole Aves - 5th, News Writing (E) - Eva Julia Niez - 1st, (F) - Nikka Junsay - 2nd, Sports Writing (E) - Danelle Flores - 2nd, (F) - Florence Cameros - 2nd, Copyreading & Headline Writing (E) - Joshua Tuason - 2nd, (F) - Victoria Inguillo - 2nd, Feature Writing (E) - Angelica Carreon - 2nd, (F) - Aianna Bianca Birao - 1st, Quiz - Angelica Carreon - 2nd, Talent - Juven Villacastin - 3rd, parehong nasa ikalawang pwesto naman ang sumabak ng broadcasting sa Filipino at English.

Inaasahan na ang mga nasabing nanalo ay sasabak muli sa RSPC na gaganapin sa A.O. Florendo National High School Panabo City. ***(Nikka Angela Junsay)***

## Dr. Tudy nagtapos; Dr. Diaz nagsisimula



Sa pagsisimula ng akademikong taon ng 2012 hanggang 2013, isang panibagong mukha ang sumalubong sa mga guro, mag-aaral at mga magulang ng Cor Jesu College Basic Education Department. Si Ginoong Kirt Anthony Diaz, Ph.D. ay ang pumalit na bagong punungguro ng nasabing paaralan.

Pinalitan ni Ginoong Diaz si Ginoong Randy Tudy, Ph.D., na tatlong taon ding nanungkulan bilang punungguro rin ng CJC BED. Nilalayon ni Dr. Diaz na sa kanyang pamumuno ay makakapasa sa PAASCU Accreditation ang CJC-BED. ***(Aianna Bianca Birao)***

# *Tree planting isinagawa; guro, mag-aaral nagkaisa*



Higit isang libong punla ng Narra (seedlings) ang itinanim ng mag-aaral ng ikaanim na baitang at ika-apat na taon ng Basic Education Department (BED) ng Cor Jesu College noong Disyembre 15, 2012 sa Brgy. Zone 1, Lopez Jaena Ext., Digos City.

Sa pamumuno nina Marvin Linogao at Joel Ligong, kapwa mga guro ng ika-apat na taon, matagumpay na naisagawa ang pagtatanim ng mga mag-aaral na magtatapos sa taong 2013 na alinsunod sa utos ng pangulo na nangangailangang makapagtanim muna ang mga mag-aaral bago magsisitapos.

Sabay-sabay na nagtungo ang mga mag-aaral sa nasabing lugar at binigyan ng sampung tanim kada grupo na nabuo.

Natapos ang pagtatanim bandang alas dose ng hapon. ***(Franzria Eda Ferriols)***

# Sa dulo lamang ng Dila?


## Editoryal

"Cor Jesu College envisions fully transformed persons inspired by the spirituality of the Most Sacred Heart of Jesus…" mga salitang binibitawan tuwing lunes ng umaga upang sa gayon ay maisapuso ng mga mag-aaral ngunit nasusunod pa ba ito?

Alinsunod sa ibinigay na bagong kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon, mayroong nadagdag at mayroon ding nabawas. Ang mga tipikal na mga asignatura ay nabago, isa na rito ang pagdagdag ng computer class sa lahat ng baitang simula elementarya hanggang sekundarya. Dahil dito, imbes na limang oras kada linggo ang nakatalaga sa Religious Studies, ito ay naging tatlong oras kada linggo na lamang.

Sa isang Katolikong paaralan at institusyon, importanteng iprayoridad at pahalagahan ang pag-aaral tungkol sa relihiyong Katoliko sapagkat sinesentro ang lahat ng ginagawa ng paaralan sa mga aral ni Hesukristo. Sa pagdating ng computer class ay mas umikli ang oras sa pagtuturo ukol sa relihiyon na maaaring magresulta sa kakapusan ng kaalaman ng mga kabataan sa mga bagay-bagay tungkol sa Katolisismo.

Hindi naman masamang yumakap ng iba pang bagay-bagay na makatutulong sa pag-unlad ng ating kaalaman. Ika nga sa kasabihan, "kinakailangang mayroon kang kahit kaunting nalalaman tungkol sa lahat." Pero isipin sana nating nagsimula tayo sa basehan ng Katolisismo dahil tayo ay isang Katolikong paaralan. Huwag sana nating ipagkait ang dapat ay para sa pag-aaral ng relihiyong Katoliko dahil unang-una si Kristo ang ginawa nating giya sa pagpapakalap ng edukasyong sumesentro sa mabubuting gawa Niya.




Pintig
OPISYAL NA PAHAYAGANG FILIPINO NG COR JESU COLLEGE (BASIC EDUCATION DEPARTMENT)
KASAPI: NATIONAL SCHOOL PRESS ASSOCIATION
KORYESUNISTA

**PATNUGUTAN**
Taong Panuruan: 2012–2013

| | |
|---|---|
| **Punong Patnugot** | *Aianna Bianca Birao* |
| **Pangalawang Patnugot** | *Nikka Angela Junsay* |
| **Tagapangasiwang Patnugot** | *Freya Cañedo* |
| **Patnugot sa Opinyon** | *Fiona Aves* |
| | *Ma. Gabriela Reyes* |
| **Patnugot sa Balita** | *Ella Ria Gabayan* |
| | *Krizza Batoto* |
| **Patnugot sa Lathalain** | *Xavierich Castañeda* |
| | *Franzria Eda Ferriols* |
| **Patnugot sa Isports** | *Florenz Cameros* |
| | *Jeksi Presbitero* |
| **Tagaguhit** | *Frances Ianelle Campo* |
| **Tagakuha ng Larawan** | *Prince Lemuel Davis* |
| **Tagawasto/Tagaulo** | *Victoria Eliza Inguillo* |
| | |
| **Tagapayo** | Marvin P. Linogao |
| **Punongguro** | Kirt Anthony R. Diaz, Ph.D. |



# Dagdag Pasan lang nga ba?

## Panimbang

***Nikka Angela Junsay***

Dagdag na pasilidad, silid, guro at pondo. Ilan lang ito sa mga kakailanganing punan ng pamahalaan sa pagsulong ng k+12 dito sa Pinas. Ngunit makaka pa ba itong mapunan ng sapat? Eh paano naman ang mga magulang ng mga kabataan ngayon? May matitira pa basa mga bulsa nila upang matustusan ang kanilang mga supling na makikinabang?

Sa kasalukuyang taon ay nagsisimula na nga ang pagpapatupad o pagpapakilala sa sambayanan ang k+12 kung saan dalawang taon ang idadagdag sa elementarya at hayskul. Noon pa man ay pinaghahandaan na ng ating gobyerno ang maayos na pagpapasa ng programang ito. Hindi pa man ito ramdam ng mga kabataan ngayon, subalit samu't saring reaksyon naman ang naibunga ng mga magulang nito.

Kung iisipin, hindi lahat ng mga magulang ay kayang matustusan ang dagdag taon na edukasyong ito. Ika nga, dagdag pasan lang daw ito sa karamihan sa kanila. Ramdam na nga nila ang hirap sa pagsuporta sa sampung taon ng elementarya at sekondarya, ano pa kaya kung pupunan naman ito ng dalawang taon? Siguradong magdurugo na naman ang mga bulsa ng mga magulang. Idagdag pa kung pilit na ipasok ito sa kolehiyo. Mabuti sana kung hindi nakikisabay ang walang pakundangan na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin natin ngayon. May mga iilan na kinakaya na lang at tinitiis ito ngunit hindi maiiwasan ang pangamba na lalagapak ito dulot ng ating pabago-bago na takbo ng ating ekonomiya.

Hindi man ito tanggap ng nakakarami, may nakakubli rin naman itong benipisyo na maidudulot. Sinasabi ngang napag-iwanan na ang Pilipinas sa modernong edukasyon na nasa ibang bansa. Kaya naman inaksyunan na ito ng ating pamahalaan. Ayon sa nilalaman ng programang ito, mas mapapadali at mapupunan pa ng mga kaalaman ang mga mag-aaral at mabibigyan din ito ng madaling pagkuha ng trabaho sa labas ng bansa. Nagsisilbi naman itong malaking hamon sa mga magulang ng dekalidad na edukasyong ito.

Sa bandang huli ay nasa ating lahat lang din naman ang magiging kapalaran nito. Hindi lang sa pamahalaan ngunit nandyan din ito sa mga magulang at kanilang anak ang kahahantungan sa pagtakbo ng kaunlaran ng edukasyon dito sa Pilipinas. Isang malaking hamon din ito sa pamahalaan na mapatunayan sa taong bayan na kaya nating makisabay at umarangkada sa kaunlaran ng ating bansa. Kung titingnan sa iba't ibang anggulo, isa lang ba itong pasan sa inaalok na kaunlaran?



# Tatlong Sangkap Lang

## Panaghoy

***Aianna Bianca Birao***


Excellence. Community. Apostleship. Tatlong haliging nagsilbing giya ng lahat ng mag-aaral, ngunit tiyak nga bang naisasapuso natin ito?

Excellence. Simpleng salita, madaling ibaybay ngunit kay hirap-hirap gawin. Sa isang primyadong eskwelahan tulad ng Cor Jesu College, inaasahan talaga ang bawat isa na ipakita ang angking galling at talino sa larangan ng akademiko. Ang istandards ng paaralan ay pumapantay na rin sa ibang mga pangunahing paaralan hindi lamang sa rehiyon kundi sa buong kapuluan ng Mindanao. Sa ganitong paraan kinakailangan din natin pumantay sa lebel na hinihingi ng eskwelahan. Ngunit lahat ng pagtuturo ng mga guro ay balewala lamang kung mismong tayong mga mag-aaral ay hindi ginagawa ang lahat ng ating makakaya upang pagbutihin ang pag-aaral.

Community. Binubuo ng iilang letra lamang ngunit kumakatawan sa malaking bahagi ng lipunan. Sa panahong nananaig ang mali at 'di makatarungan, kinakailangan lalo ang pagtutulungan. "Makakaya mo bang nakikitang bagsak ang iyong kaklase, samantalang ikaw ay hindi?" sa salitang binitiwan ni Ginoong Kirt Anthony Diaz, ang kasalukuyang punongguro ng IBED, binibigyang diin ang pagiging compassionate sa bawat isa. Tama nga naman, kung meron kang alam sa isang bagay lalo na sa larangan ng akademiko ay huwag mag-atubiling ibahagi ito.

Apostleship. Salitang nakasasalamuha natin ngunit para binabalewala lang sa paaralang namulat sa mga aral at salita ng Diyos, mahalagang sundin natin ang mga batas pampaaralan, higit lalo na ang gawin kung ano ang tama at nararapat. Ngunit bakit tila ordinary na lang sa atin ang pagsambit ng mga santo sa ilalim ng lupa? Bakit ganoon na lamang kadali ang pagbigkas at pagbitiw natin ng mga salitang hindi maganda at kaaya-aya. Lagi nating isaisip at isapuso na dapat nating pamuhayan ang mga turo sa atin ng Panginoon.

Ang tagumpay at karangalan ay hindi nakukuha sa isang kindatan lamang. Ito ay parang isang putahe na binubusisi at pinaghihirapan nang lubusan upang makalikha ng masarap at dekalibreng pagkain. Dagdagan pa ang tamang timpla at pagmamahal. Itaga sana natin sa bato na ang tatlong mga salitang ito, Excellence, Community at Apostleship ay itinatag para din lang sa ikauunlad ng bawat mag-aaral sa Cor Jesu. Dahil ang kinang ng bituin ng Cor Jesian ay may – tatlong sangkap lang.



# Sin Tax Bill

## Pandilat

***Krizza Batoto***

Simula ngayong bagong taon, 2013, ang mga kompanyang gumagawa ng tabako at alak ay magbabayad na ng mas mataas na buwis sa pamahalaan matapos lagdaan ni Pres. Benigno Aquino III noong ika-20 ng Disyembre 2012 ang Republic Act 10351 o ang Sin Tax Reform 2012.

Ang pangunahing layunin ng repormang ito ay pabor parehas sa ating pamahalaan at mga mamamayan dahil sa ang kitang malilikum mula sa repormang ito ay gagamitin para sa karagdagang punting pangkalusugan, pangkabuhayan at pagbabagong pampamayanan.

Sa lalim ng batas na ito, ang pamahalaan ay inaasahang maitaas ang karagdagang kita na P33.96 bilyon sa unang taon ng pagsasakatuparan nito, kung paghihiwalayin, P23.4 bilyon ang inaasahang magmumula sa tabako at P10.56 bilyon naman mula sa alak.

Ayon pa kay Aquino, inaasahang walumpong porsyento ng kita ay ilalaan para sa universal health care sa ilalim ng National Health Insurance program at ang dalawampung porsyento ay para sa medical assistance at health enhancement facilities program.

Maliban sa pagtaas ng kita, sinabi ni Aquino na ang bagong batas na ito ay umaasang bawasan ang naninigarilyo at umiinom ng alak sa mga Pilipino, lalung-lalo na ang mga kabataan.

Sa pagtaas ng buwis ng mga kompanyang lumilikha ng ganitong produkto, inaasahang ang retail price ng alcohol at tabako ay tataas din.

Ngunit ayon kina Sen. Ralph Recto at Ferdinand Marcos, Jr. ang batas ay inaasahang magiging dahilan ng paghalili ng mga magsasaka ng tabako at paglubha ng smuggling sa bansa. Ayon kay Recto ang pagtaas ng buwis ay maaaring magdulot ng “massive job dislocation” sa mga apektadong industriya. Karamihan sa mga politiko ay nagpapalitan ng masasamang salita laban dito na kahit na itaas pa ang buwis sa presyo ng alcohol at tabako, maraming Pilipino pa rin ang bibili ng mga produktong ito. Kaya ang batas na ito ay ’di garantisadong ang bilang ng Pilipinong gumagamit ng sinasabing “sin products” ay bababa.

Ngunit ang bagong batas na ito ay nagsisimula pa lamang. Atin ring malalaman ang tunay na daloy ng repormang ito matapos ang ilang taong pagsasakatuparan nito.

Sa taong 2014, ating makikita kung ang inaasahang kita ay naabot ba o hindi. Ngunit isang bagay ang mananagana, ang Bureau of Internal Revenue ay may trabahong paparating – iyon ay ang pamamahala sa mga kompanya at siguraduhing tama ang nalilikom na buwis.

# BAGONG SIMULA

Isa na namang pagkakamali! Malaking paksa sa bansa ngayon ang Bangsamoro Peace Agreement Framework. Maraming mga opinion ang nagsisilabasan tungkol dito. Maraming pumapabor, maraming kumokontra, at maraming mga Pilipino ang kumukwestyon at nangangamba sa maaaring epekto nito. Higit sa lahat, ang isyung ito’y naglikha ng maraming mga tanong na patuloy na pinagtatalunan ng mga pumapanig at hindi, ito na ba ang katapusan ng mga kaguluhan sa Mindanao? O simula nang mas malala at magulong iringan?

Aniya pa ng isang arsobispo, si Lipa Archbishop Ramon Arquelles, sa pagpapatupad ng Bangsamoro Peace Agreement Act, ang Mindanao ay maaaring maging Pro-Western Muslim country. Sigurado rin daw na mahahati ang Mindanao. Ipinangangamba rin ng karamihan ang posibilidad na pagkakasundo ng mga Muslim at Amerikano na magtatag ng legal na ‘foreign military bases’ sa Mindanao dahil sa pagkakaroon ng mga US troops na nakabase sa bahaging timog ng bansa.

Ang Bangsamoro ang sinasabing papalit sa ARMM. Ang pagpayag sa ganitong kasunduan ay pinaniniwalaan ng marami na napakabobong desisyon ng gobyerno. Ang ARMM noon ay hindi matagumpay. Napakataas ng porsyento ng mga mahihirap at walang trabaho rito at sandamakmak at magpakailanma’y hindi pa rin nawala at natapos ang mga giyera’t kaguluhan sa katimugang bahagi ng bansa. Marami ring mga kasunduan at kondisyon ang hindi pa natupad ng ARMM. Katulad ng Bangsamoro, maraming mga pangakong iniwan ang ARMM, ngunit walang nangyari! Lumipas na lang ang ilang taon at hanggang ngayon hindi pa ito natutupad. Malaki ang posibilidad na ganito ang mangyayari sa Bangsamoro, lalo na ngayon na napakalaking problemang pinansyal ang kinakaharap at iniiwan ng ARMM kung saka-sakaling maaprobahan ang Bangsamoro Peace Agreement Framework. Kahalintulad din ng ARMM, maaaring sa huli, suliranin at giyera lang ang kahahantungan ng lahat.



# Online Games vs. Larong Pinoy

## Mapanuri

***Florenz Cameros***

Sa paglipas ng panahon, marami na ang mga makabagong libangan ng mga tao. High tech na ang mga gadgets. Ngunit, sa ating kasiyahan, tila’y maraming bagay na rin tayong nakakalimutan. ’Di porke’t matagal na’y idedespatsa, kalilimutan o ipapagwalang bahala na lang ito lalo na kung parte na ito ng ating kultura.

Isa sa mga maipagmamalaki natin bilang isang Pilipino ay ang mga larong Pinoy na galing pa sa ating mga ninuno. Ngunit, ito’y unti-unting nang nawawala sa ating mga gawi at nasasapawan na ng iba’t ibang online games na patok, lalo na sa mga kabataan ngayon.

Maraming mga mag-aaral ngayon ang nalulong sa iba’t ibang online games gaya ng DOtA, Special Force, Crossfire, Cabal, RAN, Flyff at marami pang iba. Ang iba’y tumatakas sa kani-kanilang mga klase upang makipaglaro. Imbis gastahin ang perang baon sa pagkain ay napupunta ito sa mga Internet café.

Ayon sa mga mananaliksik, walo sa 10 mag-aaral ang mga nahihilig sa mga online games at binabalewala na ang mga larong Pinoy. Nabubura na nga sa mga isipan ng mga kabataan ngayon ang paglalaro ng mga larong Pinoy bilang parte ng ating kultura. Ang panahon na iginugol nila ng pag-upo’t pagtitig nila sa malaking monitor ay bakit kaya hindi nila bawasan at maglaro ng larong Pinoy tulad ng Luksong tinik, Buwan-buwan, Tagutaguan at marami pang iba. Tila’y nilason na ng online games ang mga isipan ng mga kabataan. Ito’y isang patunay rin ng mga negatibong dulot ng pagkakaimpluwensya natin sa mga modernong kagamitan.

Isa pa, tatanda silang hindi makakaranas ng saya sa paglalaro ng mga larong Pinoy. Ito’y isang daan rin naman upang makapag-ehersisyo. Makatutulong din ito upang magkaroon sila ng mga kaibigan at mapapabuti ang pakikitungo sa mga tao.

Ito’y isang malaking hamon para sa mga kabataan. Kakayanin niyo bang isantabi ang online games sa mga larong Pinoy?



# NINGAS-KUGON

## Alimpuyo

***Fiona Danielle Nicole Aves***

Iba na naman ang ihip ng hangin! Parami na nang parami ang mga billboards, TV commercials at tarpaulins ng mga Politiko at ng kanilang mga nagawa. Saan ka man lumingon, iba’t ibang mga pakana at pagpapasipsip ang ginagawa nila, proyekto rito, programa roon. Tulong dito, donasyon doon. Tila kabutihan, katapatan at karangalan ang natatamasa ng bansa ngayon! Ngunit, hanggang kailan?

Paramihan ng mga donasyon, pabonggahan ng mga programa at pagandahan ng mga talumpati at pangako, palatandaang may darating na halalan! Ngayon, siguradong naglilipana na ang mga tulong mula sa iba’t ibang mga politiko. Palapit na nang palapit ang halalan kaya kanya kanyang nang diskarte at paraan ang mga tatakbo upang sila’y mabigyan pansin ng publiko. Kanya kanya nang sipag at tiyaga upang makuha nila ang tiwala ng taong bayan. Sila’y abalang abala na sa pagpapansin sa mga tao. Lubus-lubosin na natin ito, siguradong ngayon lang to, pagkatapos ng halalan ay balik na naman sa dati!

Kahit saan, siguradong may mga programang ginagawa ng mga tatakbong politico. Sa mga nasalanta ng bagyo, tiyak na kanya-kanyang pamimigay ang mga ito ng mga nag-uumapaw na donasyon na kabaliktaran naman sa mga natatanggap sa mga nakaraang bagyo. Siguradong nagpipyesta ang mga mahihirap sa sari-saring mga programa at pakana na ginagawa ng mga politiko. At higit sa lahat, ngayon, tinatapos na nila ang kanilang mga nabalam na proyekto, tiyak maraming mga daan ang under-construction at maraming mga pampublikong paaralan ang isinasaayos

Ngayon, natatamasa natin ang kabutihan at katapatan ng mga politiko. Ngunit maaring pagkatapos ng halalan ay balik na naman tayo sa dati, mga proyektong laging hindi natatapos, mga pangakong hindi natutupad at mga pinunong bulag sa mga suliranin ng lipunan. Maaring napupuno ang bansa ngayon ng mga programa, donasyon at mga pangako, ngunit baka bukas o makalawa balik na naman tayo sa nakasanayan! Simula noon nagmistulang ningas-kugon na ang mga politiko, mabuti lang sa simula!

# *Liham sa Patnugot*

**Punong Patnugot,**

Nais ko po sanang ipagpaalam sa inyo na minsan ang drinking fountain na ginagamit ng karamihan sa mag-aaral ay minsan hindi gumagana. Umaasa po ako na mahahanapan po ninyo ito ng solusyon sa madaling panahon dahil marami ang nakikinabang nito.

***Therese Carta***

Therese marami tayong drinking fountain sa ating campus na maaari nating gamitin. Ang hindi maayos na paggana nito ay maaaring dulot din ng ating kapabayaan sa paggamit ng mga ito, ngunit kapansin-pansin rin naman na agad na inaayos ito ng paaralan upang matugunan ang ating pangangailangan. Huwag lang sana nating abusuhin ang paggamit sa mga bagay na ito upang gumana pa rin ito ng maayos.

**Punong Patnugot,**

Nais ko pong ipaalam na kami ay nahihirapan sa kasalukuyang mga iskedyul ng mga klase . Sana po ay makakita kayo ng paraan upang nang sa ganun ay hndi na kami mahihirapan .

***Hijasmin Palec***
***III- St. Francis***

Hijasmin ang mga iskedyul na ibinigay sa atin ay maaaring mahirap para sa ating mga mag-aaral pero dahil may pagbabago sa kurikulum ng Kagawaran ng Eduskasyon, kinakailangan din nating sumunod sa kanilang mga patakaran. Sa halip na isipin nating pabigat sa atin ang iba’t ibang iskedyul ng paaralan ay gawin na lang natin itong motibasyon na kung saan ay matuturuan tayo nitong humawak ng tama sa oras.

**Punong Patnugot,**

Nais ko pong magkaroon ng maraming mesa at upuan ang ating kantina upang nang sa ganoon ay maging komportable ang mga mag-aaral tuwing recess at tangahalian nila.

***Charlene Dalis***
***III- St. Francis***

Charlene, ang ating kantina ay sapat lamang para sa mga mag-aaral ng BED pero siguro ay nakukulangan tayo ng mga mesa at upuan sapagkat hindi natin talagang maiiwasan na may ibang tumambay at kumain dito. Sa ngayon alam nating ginagawa ng paaralan ang kanilang makakaya upang matugunan ang ating mga pangangailangan bilang mga mag-aaral, dahil hindi tumitigil ang paaralan sa pagbibigay ng dekalidad na serbisyo at edukasyon sa ating mga kabataan.

**Punong Patnugot,**

Nais ko pong ipagpaaalam sa inyo na marami ng mga estudyante ang nagrereklamo sa butas at mag sirang pinto ng palikuran.

Hinggil dito, hinihiling ko na sana’y mapalitan na ang mga sirang pinto at makumpini ang mga butas na pintuan. Umaasa po ako sa inyong tugon sa problemang ito.

***Glydel Wayne Bautista***
***IV- St. Monica***

Glydel, napuna nga natin na maraming mga butas at sirang pinto ang ating palikuran ngunit isipin sana natin na nang binuksan ito para sa ating mga mag-aaral ay nasa maayos at presentable pa itong katayuan subalit nang ginamit natin ito ay nawawalan na tayo ng responsibilidad na ingatan pa ito dahil tayo rin naman ang gagamit sa palikuran. Sa pag-aayos nito sana ay ikintal natin sa ating mga isipan na lahat ng bagay na ipinapagamit sa atin ay kailangan nating itong alagaan nang tayo ay makinabang pa rin dito.

**Punong Patnugot,**

Tuwing tanghali sa aming klasrum, hanggang hapon, napaka- init sa aming klasrum. Minsan, nagiging hadlang ito sa di maayos na pag-aaral namin dahil imbes na matuon ang pansin namin sa guro ay nagiging hindi komportable kami. Gusto ko sanang dagdagan ang bentelasyon o kung ano mang mga paraan upang mabawasan ang labis na init sa mga klasrum ng Basic Education Department.

***David Jonathan Gemina***
***IV- St. Monica***

David ang temperaturang mainit ay hindi natin kontrolado dahil hindi natin hawak ang panahon. Maaari ngang nakararamdam tayo ng labis na init ngunit tinutugon naman ng paaralan an gating pangangailangan at binibigyan tayo ng sapat na bilang ng ceiling fan upang tayoy maging kumportable sa ating pag-aaral.




# PANAGHOY

Sa aking pagkakahimlay ako'y namulat. Dahan-dahang nasinagan ng araw ang aking kumikislap na mga mata. Dinig ko pa ang huni ng mga kumakantang ibon sa paligid na animo'y nananambit ng kasiyahan sa kanilang mga bunganga. Kay sarap damhin ang halik ng hangin na napakamarahan. Sa sobrang tahimik dinig na dinig ko ang pag-uusap ng mga bulate sa ilalim ng lupang aking kinatatayuan.

Sa gitna ng aking pagliliwaliw akoy napahinto. Hindi ko mawari kung ano itong aking nararamdaman, ngunit parang may kung anong humihila sa akin upang pagmasdan ang di maliparang uwak na mukha ni Inang Bayan. Ang akala koy maayos na lugar ay tila nagbibihis na. Ang dating masaganang bansa ay nagsisimulang maghirap at gumapang. Marami nang kaso ng patayan na kung saan ay nasasangkot na ang mga journalist at media men, nakawan, panghahalay sa mga kababaihan lalong-lao na sa mga kabataan, aborsyon, pang-aalipusta, gyera at marami pang ibang krimen na ang puno't dulo ay kahirapan.

Ako'y sobrang nanlulumo sa sitwasyong kinalalagyan ng bansang itinuring na Perlas Ng Silangan. Ang dating tawanan, kasaganahan at kaginhawaan ay napalitan ng kahirapan. Iisang tinig lamang ang labis na tumatak sa aking gunam-gunam, na sana'y baguhin ang nakasanayan. "KAAYUSAN NG BAYAN!"

# Buhay: Biya

Itigil ang pagkitil!
Sa bawat bagong isinisilang, hindi ibig sabihin ay kapalit nito ang mga b
sa lupang ibabaw ay isang regalong kailanman ay wala tayong karapat
tinitingnan ngayon ng pamahalaan ay kung paano susulusyunan ang
Ika nga sa kasabihan, "Ang malalaking bagay ay nagsisimu
Development Goals sa taong 2015 ay nagsisilabasan na ang
kaalaman ng mga Pilipino sa kung ano ang child and mate
nito sa tao at komunidad.
"Sa mga magulang nagsisimula ang lahat," ani
dapat na nakakaalam sa pangkalusugang panga
siguraduhin na ang mga pagkaing isinusubo n
katulad ng gulay at prutas, at hindi mga ba
bata.
Isang magandang balita nama
malawakang survey ang National St
Survey. Naiulat na labingsiyam na
isinisilang ang namamatay.
hamon sa ARMM ay kung
ganitong estado o kaya
sa labinlima ang pat
2015." –Alinader M



# Isang ... at Pa

Lahat ng tao ay pa
Diyos...
Walang mahirap at walang
kaya mainam lamang na ituring na
lahi, paniniwala at pananaw sa buhay.
Ang Social Welfare Department ay m
sustentohan ang mga community developmen
mga programang inilaan para sa ating mga kapati
Sa pagsapit ng taong 2015 ay inaasahan ang mal
mula sa matagal na pagkakalugmok nito. Bilang may iis
ang pagbibihis ginto ng bansang itinuring na Perlas ng Silang



# yang Hiram

uhay ng mga nilalang na walang kamuwangmuwang sa mundo. Ang mamuhay
an para angkinin, manipulahin o kaya naman ay kunin. Kaya isa sa masuring
g child and maternal mortality rate sa bansa.
la sa maliliit na mga hakbang." Kaya naman kaakibat sa Millenium
mga programang inilatag ng gobyerno upang mas lumawak ang
rnal mortality. At kung anu-ano ang mga masasamang epekto

Ramos ng World Vision. Ang mga magulang kasi ang
ngailangan ng kanilang mga anak. Kailangan nilang
la sa kanilang mga anak ay mga masusustansya
gay na nakasasama sa bituka at tiyan ng mga

n ang nakalap ng magsagawa ng
atistics Office hinggil sa Family Health
bata lamang sa bawat isanlibong
"Sa ganitong pag-unlad, ang
paano pananatilihin ang
naman ay pababababain
ay hanggang taong
Minalang



# Daang Matuwid

Mahirap abutin ang mga pangarap kapag lubak-lubak ang daang iyong tinatahak.

Katulad ng pangarap ang daan tungo sa pag-unlad. Sa buhay hindi nananatili sa kasalukuyang anyo ang lahat ng bagay, dahil walang permanente didto sa mundong ibabaw. Tanging pagbabago lamang ang namimirmi at namamalagi kahit pa iwanan tayo ng panahon.

Sa Pilipinas, upang maging maginhawa ang mamamayan, kailangan nating baguhin ang anyo ng bayan. Kaya naman sa taong 2015 ay inaasahang lahat ng daan at tulay ay maaayos na. Ang Department of Public Works ay naglaan $214.44 milyon para maisagawa ang Secondary National Roads Development Project sa Samar. Ang pagsasaayos muli sa Samar Road ay magiging solusyon upang bumaba ang transportation cost at upang mas maging madali ang makapunta sa lugar pamilihan ang halos 290,000 na mga Pinoy.

Sa mga pagbibihis anyo ni Inang Bayan, lahat ng tao ang mabebenipisyo nito. Uunlad ang ekonomiya ng bansa, tulad ng unti-unting pag-abot sa mga pangarap ng bawat isa.

# g Lahi nanaw

ntay-pantay sa mga mata ng

mayaman sa paningin ng maykapal
tin ang isa't isa bilang magkakapatid sa

akakatanggap ng $120 milyon na badyet para
t programs, proyekto ng mga lokal na gobyerno at
d na kapus-palad.
aking pag-unlad ng bansa at ang pagbangon ng Pilipinas
ang dugong nananalatay sa'tin, sama-sama nating yakapin
an.




# Babaeng Hinirang

*Girl Scouts of the Philippines representative for Eastern Mindanao*. Sino ba ang makakapagpaniwala na siya ang mapili bilang kinatawan sa dami ng mga babaeng iskawt dito sa ating rehiyon?

Mag-iisang taon pa lamang siyang miyembro ng Girl Scouts of the Philippines dito sa ating paaralan ngunit nang naglaon siya ang naging "*Chosen One"* sa aming konseho. Hindi naman nakapagtataka na siya ay maging karapat-dapat para sa posisyon sapagkat siya ay nagtataglay ng mga katangiang nagsasalamin ng isang Babaeng Iskawt. Mabait, mapagbigay, matalino at responsable ay ilan lamang mga salita na naglalarawan sa kanya.

Ang kanyang konting eksperiyensya mula sa mga campings ay hindi humadlang sa kanyang sarili upang mapili. Nakakabuway nga sapagkat ang kanyang mga katunggali ay marami nang karanasan at badges mula sa kani-kanilang mga gawain na sinalihan ngunit may isang bagay silang wala na meron sa babaeng ito. PANINIWALA. Paniniwala na kaya niyang magsalita sa harapan ng mga lider ng aming rehiyonal na konseho kahit siya ay isang baguhan lamang sa Girl Scouts of the Philippines; paniniwala sa Maykapal na kahit ano man ang mangyari, mapili man o hindi, ay tatanggapin niya ng buong puso sapagkat ipinagkaloob ito ng Diyos sa kanya.

Dumating ang resulta at siya nga'y nahirang. Kapalaran talaga niya ang maging representante. Ayon sa kanya, hindi niya ito ginawa upang magkaroon ng kasikatan at kapangyarihan sa organisasyon kundi, ginawa niya ito upang sundin ang tuntunin bilang babaeng iskawt, makapag-anyaya ng mga kababaihan na sumali sa organisasyon at makapag-serbisyo mamamayan. Siya ang ating minamahal na Pangulo ng High School Supreme Student Government, si Cadet Girl Scout Fara Princess Cervantes. ***(Victoria Eliza Inguillo)***

# Pistang Langit

100 araw na Pasko sa Pinas!

Ang pasko sa Pilipinas ang maituturing na pinakamahabang pagdiriwang ng kapanganakan ni Kristo dito sa buong mundo. Oktubre pa lamang, iilan na sa mga Pinoy ang nagkakabit na ng mga parol at Christmas lights sa kanilang mga kabahayan.

Kahit sa mga parke at malls, damang-dama mo na ang Pasko dahil sa mga Christmas songs pinatutugtog. Kahit sa mga terminal ng bus ay makikita mong namamasko ang mga bata, matatanda o 'di kaya'y bulag o lumpo.

Sa pagdating ng Nobyembre ramdam mo na ang malamig na simoy ng hanging humahalik sa iyong mga pisngi. Mga nanay at tatay, ninong man o ninang ay dahan-dahan nang naghahanda ng pamaskong regalo para sa kanilang mga anak at inaanak.

Sa pagsapit ng Disyembre lahat ay abala. Tunog ng lumang kampana ng simbahan ang pumupukaw sa natutulog na pag-asa ng bawat isa, senyales na nagsisimula na ang siyam na gabing misa para sa pag-aabang kay Hesukristo.

Ilaw na kumukutikutitap. Nagtatayugang Christmas tree. Mga parol na sumasayaw sa simoy ng hanging malamig. Mala-anghel na tinig ng mga batang namamasko. Mainit na tsokolateng pamares sa malambot na puto't suman sa hapag-kainan. Ngiti't halakhak ng bawat isa. Lahat ng ito'y kumukumpleto sa Paskong Pinoy.

Bawat sandali'y naiiba. Nagpapaespesyal sa paghihintay sa pagdating ni Kristo Hesus. Tunay ngang bukod tangi sa lahat ng pagdiriwang ang – 100 araw na Pasko sa Pinas!



# Bayani Noon at Ngayon



"Tahimik!" … "Makinig kayo!" … "Linisin ang silid-aralan" … "Saan ang iyong pluma?" … "Ilabas lahat ng mga libro at buksan sa pahina." Ilan lang yan sa mga palagi nating naririnig mula sa ating mga guro.

Sa loob ng apat na kwadradong dingding, may maraming 'di maipaliwanag na sitwasyong iyong makikita. May naghaharutan, nagtsitsikahan, may biglang tatawa at kakanta, habang ang iba naman parang wala lang at nakatulala o nakatingin sa kawalan, meron ring natutulog sa tabi-tabi at meron ring napakaseryoso kulang na lang ibaon ang mukha sa pisara sa sobrang konsentreyt sa pakikinig.

Sa pagtunog ng bell, klase-klaseng reaksyon ang masisilayan. May parang mga dagang nagkukumahog na pumasok sa kani-kanilang lungga. Mayroon ding nag-iisang estudyanteng nagsisilbing lookout at tagasumbong kung malapit na ba si ma'am o si sir.

Dala-dala ang gabundok na papel at lesson plans, masasabi mong "expect the unexpected." Sila rin ay dumaranas ng iba't ibang personalidad sa isang kisap mata lamang. Minsan mabait at maaliwalas ang mukha. Minsan naman makikita mo ang pagbibihis anyo ng isang halimaw. Daig pa ang bagyong Pablo sa lakas ng kaba na hinahatid nila.





Dalawang sitwasyon lang naman yan eh. 'Pag mabait si ma'am o si sir, wala kayong gagawin kundi magharutan lamang. Pero malaking babala, 'pag sila nawala sa mood, itaga mo sa bato, ni pagkisap mo ng iyong mga mata o kaya naman ay paglunok mo ng laway ay 'di mo pa magawa.

Mapagmahal at mapag-arugang inay at itay dahil hindi lahat ng panahon ay nakakatakot sila. Tao rin sila nakararanas ng iba't ibang emosyon at higit sa lahat may pusong mamon. Ipapasyal ka nila saan mang lupalop ng mundo gamit lamang ang libro. Hindi lang dyan, pati pagsubo ng mga letra ay gagawin nila.

Kaya ngayon sa kanilang natatanging kaarawan, nag-uumapaw na pasasalamat at 'di matawarang pagmamahal ang handog naming sa kanila. "My Teacher, My Hero" ang aming mga – Bayani Noon at Ngayon. ***(Aianna Bianca Birao at Freya Cañedo)***



# Klik.Wifi.Deal

Hindi ba nakakapagod na rin mag-upload ng mga larawan sa Facebook, Twitter, at iba pang social networking sites?

Dahil sa makabagong teknolohiya ngayon, ang pag-upload ng mga litrato sa Internet ay mas mapapadali na. Maaari mo nang i-upload ang iyong mga larawan habang nasa biyahe, bakasyon, o direktang i-upload ang mga larawang kinuha basta't may WiFi connection lang.

Sa WiFi cameras, hindi mo na kailangan pang ikonekta sa kompyuter ang iyong camera upang ma-upload ang mga ito sa Internet. Ang ganitong uri ng camera ay ginawa ang unang paglitaw noong taong 2005. Noong maagang 2010, nailikha na rin ang Eye-fi, isang SD card na may nakalagay nang Wi-Fi antennae.

Ang Wi-Fi cameras at Eye-Fi ay kapwa nangangailangan ng maikling kaparaanan ng page setup at nagdudulot ng parehong basic na kasilbihan. Sa paglipas ng panaon, lumilinang paunti-unti ang ating teknolohiya naminsan ang layunin ay makatulong sa atin upang mas mapadali ang ibang gawain.









# Hi-tech gadgets? Abot kamay na rin ng Pinoy !

*Isinulat ni: Nikka Angela Junsay*
*Aianna Bianca Birao*
*Xaverich Castaneda*

Komunikasyon noon...
Isang liham ang pinapadala at maabutan pa ng ilang araw upang dumating sa kinaroroonan.
Komunikasyon ngayon…
Isang text o call lang, abot na kaagad ang iyong mensahe.

Haay… Teknolohiya nga naman… Sadyang nakakaloka't pati tayong mga Pinoy ay sumakay narin. Ika nga, hindi tayo magpapahuli!

Sa patuloy na umuusbong na siyensiya at teknolohiya, lahat na yata tayong mga tao ay gumagamit at nakikinabang na nito. At isa na nga tayong mga Pilipino ngayon.

"Cell phone." Sa pangalan pa lang ay imposible na hindi pa kayo nakakakita o nakakahawak man lang nito. Mula sa iba ibang klase at modelo ay laganap na ang pagkalat nito at pati tayo ay 'di paaawat sa pabago bagong mga hatid nito. May duda pa bang parte na ng buhay nating mga Pilipino ang cell phones?

Bili, pili at angkat doon. Umaasa lang pala tayo sa mga dakilang dayuhan na nag-imbento at nagpasikat sa nakakaaliw na bagay na'to. Talagang maka stateside tayong mga Pinoy! Paano ba naman, eh wala tayong sariling atin.

Ngunit hindi naman talaga lahat ay afford na afford ang bonggang imported cell phones na 'yan. Lalo na dito sa Pinas na kahit hi-tech na masyado ang mga buhay natin, hindi pa rin maiiwasan ang sobrang krisis.


Ngunit kung problema nga naman ito, wala ng dapat na alalahanin sapagkat abot na rin natin eto noh!

Android smartphones, MyPhone A898 Duo, Cherry Mobile Flare, Starmobile Astra, Torque, oh diba proudly Pinoy made 'yan. Mala iPhone din ang mga hatid niyan at kaya pa sa bulsa.


May angkin naman pala tayong makabuo ng ganitong mga teknolohiya eh. Hindi sa gaya-gaya lang ito o tipong nagpapasikat lang, ngunit layunin lang naman nito na maihatid sa atin ang mas madali at makakasabay tayo sa makabagong hatid ng teknolohiya. Mga nilikha nito'y hatid ang komportableng pamumuhay na inaasam asam natin sa makabagong henerasyon ngayon.

Sa hinaharap, di lang cell phones ang magagawa ng Pinoy, asahan nating tayo mismo pala ay makakaimbento ng bagay na matagal pala lang nating inaasa sa iba. Sa isang malikhaing isip at mala-Einstein, Galileo, Newton na kakayahan, walang imposibleng magagawa tayong mga Pinoy. Hi-tech gadgets? Abot kamay na rin ng Pinoy 'yan!

# Henerasyon X







X-ray shades, hologram communications device, mahiwagang pitaka na hindi nauubusan ng pera, sasakyang lumilipad at nagiging inbisibol at ang pinakapamosong time machine. Iilan lang yan sa mga bagay na kayang likhain ng mga utak na may malayong pagtingin.

Sa panahong unti-unting bumubulusok ang kapangyarihan ng teknolohiya ay hindi malabong makamit natin ang tugatog ng siyensya. Maaaring ang lahat ng mga bagay dito sa mundo'y kalaunan ay maging de-kompyuter. Kaliwa't kanan masisilayan mo na lang ay mga nagtatayugang gusaling kasing-taas ng Tore ni Babel, at huwag ismolin dahil sa bawat palapag ay sasakyang lumilipad ang sayo'y maghahatid.

Hindi na kalianman mamomroblema ang mga sayantist sa paglutas ng suliraning global warming kahit wala nang mga puno dahil papalitan ito ng treebot. Isang kahoy na robot na kung saan kaya nitong sumipsip ng tubig sa ilalim ng lupa at gawing sariwang hangin. May abilidad din itong humigop ng carbon dioxide sa kapaligiran at gawing sariwang hangin o kaya nama'y prutas o bulaklak.

Sinong mag-aakalang kaya na rin natin ang cloning at gumawa ng mga X-men gamit ang mutation sa panahong ito? Nakakalaglag-panga hindi ba? Kahit laser at X-ray shades kaya na ring likhain. Pwede na ring lumikha ng robot na kasing-talino nating mga tao, teleporting machine upang ilang segundo lamang ay kaya ka na nitong dalhin sa iyong destinasyon kahit saan mang lupalop ng mundo. Hanep hindi ba?

Ngayong ikadalawampu't isang siglo ng mundo, nagpapahiwatig na ng malaking pagbabago ang teknolohiya. Ilang daang taon na lang ang ating bibilangin at tiyak magbibihis anyo na ang ating planeta. Mga makabagong teknolohiya ang magdadala ng kaayusan sa ating pamumuhay o kaya nama'y kapahamakan. Maaari tayong maging tamad dahil sa lahat na lang ng ating gusto ay instant. Ngunit isa lang ang ako'y nakasisiguro, hindi natin mapipigilan ang pag-arangkada ng siyensya.

Kasabay ng pagbulusok ng teknolohiya ay ang paglawak ng kaalaman at agham. Sa bawat pagpatak ng oras, kaakibat ang katiting na impormasyong maaaring magpabago sa takbo ng ating buhay ngayon at sa hinaharap.



# Pinoy Henyo


Si Dr. Josefino Comiso, isang Pilipinong doctor, ay senior scientist ng Cryospheric Science Branch ng Goddard Space Flight Center sa National Aeronotics and Space Administration (NASA).

Naging miyembro siya ng mga satellite sensor teams, naging punong scientist sa napakaraming NASA Aircraft missions, at lumahok sa maraming Antarctic Field Programs. Marami na rin siyang matagumpay na pagsasaliksik na naiambag sa loob ng 20 taon

Natanggap niya ang kanyang Masters Degree in Physics sa Florida State University at Ph.D. in Physics mula sa University of California sa Los Angeles. Pinanghawakan niya rin ang isang post-doctoral na posisyon sa University of Virginia at namasukan bilang senior consultant sa Computer Sciences Corporation bago mapabilang sa NASA Goddard Space Flight Center.

Isang karangalan para sa ating bansa na magkaroon ng isang Pilipinong nagkamit ng mga natatanging katuparan sa larangan ng Agham.













# HANEP WALLETS



For Sale: Mahiwagang Pitaka!

Mula sa basura'y naging kahangahangang imbensyon. Sinong mag-aakalang ang isang hamak na papel ay kakikitaan ng malaking potensyal sa paggawa ng pitaka? At sinong mag-iisip na ang pitaka ay kayang luminis ng pera? Ipinakikilala, Paper Wallets at Antibacterial Wallets!

***Paper Wallets***

Isang grupo ng mga masisining na mga kabataang Pinoy at malikhaing mga enterprenyur ang nakatuklas na maaaring gawing kayamanan ang isang basura lamang. Galing sa simpleng bagay na sinusulatan at dinudumihan ng maitim na budhi ng pluma ay nagbihis anyo at naging pitaka. Astig 'di ba?

Papel. Isang bagay na payak, marupok at medaling mapunit subalit huwag ismolin dahil kaya niya ring maging matibay. Samu't saring paraan ang ginawa upang mabuo ang Paper Wallets. Talagang pinaggugulan ito ng oras at bote-botelyang pawis. Binusising mabuti at sandamakmak na brainstorming ang inilaan upang makalikha ng makalaglag pangang imbensyon.

Manipis. Matibay. Durable. Eco-friendly. Mga katagang naglalarawan sa pitakang likha ng masisining na utak ng mga Pinoy. Patunay na kaya na rin nating makipagsabayan sa mga internasyunal na brand ng mga pitaka.







***Antibacterial Wallets***

Sa unang tingin, parang simple at ordinaryong lalagyan ng pera lamang subalit sa likod ng payak na itsura ng bagay na ito nakakubli ang kahangahangang gawa.

Ang pera ay isa sa pinakamaruming bagay sa mundo dahil araw-araw, iba't ibang kamay ang humahawak at tumatanggap nito. Klase-klase at milyung mga mikrobyo ang bumibihis dito. Kaya tiyak ang pitaka mo ay pinamamahayan na ng 'di mabibilang na organismong hatid ay sakit. Kadiri hindi ba? Pero ni minsan ba ay naisip mong kayang linisin ang pera gamit ang pitaka?

Isang Pilipinong propesor ang nagsunog ng kilay at 'di pumikit ng mga mata ng ilang gabi sa pagsasaliksik at paghahanap ng kasagutan sa maraming katanungan. Nakipag-ugnayan siya sa mga dalubhasa mula sa iba't ibang panig at sulok ng mundo upang mas makalikom siya ng kaalaman sa paggawa ng napakagaling na bagay na ito.

Sa katuparan nito nagbunga ang ilang linggo o kaya naman ang ilang buwan niyang pananaliksik. Nabuhay mula sa mga papel ang Antibacterial Wallets na kaya luminis sa iyong pera at napapanatili nitong maging malinis ang pitaka dahil sa mga mabubuting mikrobyong nakapaloob at naninirahan dito.

Mula sa isang katiting na pananaw magsisimula ang malaking hakbang ng pagbabago, kinakailangan lang isabuhay itong mga malikhaing ideya ng mga Pinoy. Mga masisining na – Hanep Wallets.



*Isport Editoryal*

# Masaklap na Realidad

**Kailan pa nga ba masosolusyonan? Kailan pa ba ito maaksyonan? Ilang taon nang problema ng mga manlalaro ang isyu tungkol sa mga sports equipment at mga pasilidad sa paaralan. Nagmistulang taon-taon na itong suliranin na hanggang ngayo'y walang pagbabago. Nauna pang natapos ang bagong gusali ng IBED at mga laboratory, tila 'di pa rin naaksyonan ang ma kakulangan sa mga pasilidad sa isports.**

**Noon pa lang, malaking kakulangan na ang mga "training grounds" para sa mga varsity players. Bukod sa hindi magkasya at napakaliit ng gym para sa lahat ng manlalaro sa hayskul at elementary ay sumisingit pa ang mga college. Kaya, nagpatayo ng isang open court sa IBED sa pasukan ng taong 2012. Ito'y nakatulong ng pansamantala, ngunit 'di pa rin ito sapat.**

**Noon ay nagsisiksikan sa iisang gym ang mga manlalaro ng volleyball, badminton, table tennis, basketball at sepak takraw sa parehong elementary at sekundarya maliban na lamang sa basketball at takraw. Minsan ay nag-uunahan pa nga ng lugar sa gym. Lalong-lalo na kung malapit na ang paligsahan.**

**Ngayon ay volleyball, badminton, at table tennis na lang ang naghahati sa gym at doon na sa malaking open court ang basketball at sepak takraw. Ngunit, tuwing sasapit ang dilim, kailangan na nilang huminto dahil walang ilaw at kukulangin ang oras ng kanilang training. Lalong-lalo na sa panahon ng tag-ulan. Babalik na naman sila sa dati nilang gawi. Parang wala pa ring pinagkaiba.**

**Hanggang ngayon, kitang kita pa rin ang kakulangan ng mga pasilidad sa larangan ng isports sa paaralan. Ang mga manalalaro na mismong nagsisikap upang maging mahusay at nagpapabusog sa kanilang angking kahusayan sa iba't ibang larangan ay ngayo'y nauuhaw naman sa suporta ng paaralan. Sila'y nagbabayad din naman buwan-buwan at sila pa yung nagdadala ng pangalan ng paaralan sa iba't ibang lugar dahil sa kanilang talento. Karapat-dapat lang na makuha nila ang sapat na suporta. Parehong ang mag-aaral at paaralan naman ang makikinabang.**

**Hindi lang naman ang isyu sa isports ang may kakulangan, marami pang iba. Ngunit, ito'y isang malaking hamon. Maaaring kulang pa nga siguro ang napapatunayan ng mga salitang "Drawing out the best in you."**




# Dilaw, nilusaw ang Pula: 26-20

Pinaiyak ng Sophies ang Juniors sa kauna-unahang pagkakataon sa CJC Intramural Activities Basketball Game na ginanap sa CJC Gym, ika-24 ng Oktubre, 2012.

Nagpaulan ng pamatay na jump shots ang Sophies na s'yang nagpahirap sa Juniors at nagpamalas ng maraming turn-overs. Unang nakaiskor ng dos and Juniors nang umabot na sa 12 ang Sophies mula sa 6-0 run.

Pagsapit ng 2nd half, umarangkada ang juniors sa mga drive nina Bejarin at Juab at humakot ng foul. Ngunit, sinuklian ito ni Dalumpines ng Sophies ng hanep na jump shots na lalong nagpasiklab sa nakabibinging mga hiyawan.

12 segundo ang natitira nang tumira ng rumaragasang tres ni Carillo na siyang nagpabuhay sa Juniors. Ngunit, pumasok ang dalawang free throw ni Fernandez sa huling 5 segundo na sy'ang nagpalusaw sa Juniors.

"Malas tayo masyado, babawi tayo sa susunod," sambit ni Juab sa Juniors na 'di maiguhit ang mga mukha sa pagkadesmaya. ***(Florenz L. Cameros)***

# *CJC, sinapul ng NHS: 48-53*

Naghari ang Mati NHS laban sa CJC Bravehearts, 33-48, sa kanilang Invitational Basketball Exhibition Game na ginanap sa CJC Almendras Gym, ika-20 ng Setyembre 2012.

Malayo ang agwat ng dalawang tropa dahil sa nag-iinit na mga kamay ng NHS na humantong sa 17-8 na siyang ikinagulantang ng mga tagasuporta ng Bravehearts sa 1st quarter ng laro.

Lalong lumayo pa ang iskor sa 2nd quarter sa maraming turnover ng bravehearts na pinatungan pa ng mga layup ng NHS (36-15).

Biglang nabuhay ang Bravehearts dahil sa maliksing opensa at matinding depensa na binuhos nila sa 4th quarter. Humakot si Mariano ng maraming drive na siningitan pa ni Sepe ng dalawang sunudsunod na 3 pts.

41 Segundo ang natitira nang naka-iskor si Mariano, 48-51. Matindi ang pagnanakawan ng buko ngunit, nakaiskor ang NHS sa 17 segundong natitira at nagpanalo sa kanila.

Kahit natalo ay bakas pa rin sa ibang players ng Bravehearts ang saya dahil sa ganda ng laro. ***(Florenz L. Cameros)***

***DDCCS***

# CJC, tinadtad ang HC Sta. Cruz: 31-16



*Mapanindak na porma ang isinigawa nina Lyndon Almendras (dilaw) at Florenz Cameros (pula) sa kanilang laban sa naganap na DDCCS.*

Dinurog nina Florenz Cameros at Lyndon Almendras sina Junaris at Lague ng Sta. Cruz sa pamamagitan ng nakagigimbal na mga smash, 31-16, sa Diocese of Digos Commission of Catholic Schools (DDCCS) Badminton championship game na ginanap sa ABC Gym Padada, Davao del Sur, ika-7 ng Setyembre, 2012.

Nagpaulan kaagad si Cameros ng mga matutulis na drive na pinapalitan naman ni Junari ng matitinik na drop sa simula pa lang ng laro. Ngunit, hindi na ito pinalampas nina Almendras at Cameros, bumato sila ng mababangis na smash at mautak na placing at nagtala ng 14 sunud-sunod na puntos na naging dahilan ng pagkapako ng Sta. Cruz sa 16.

Umarangkada rin sina Jade Carillo, Marigold Carillo, at Monique Diokno na nagkampyon sa kanilang braket. Bumandera rin sina Sean Rabaria at Nicole Cago na nasungkit ang 1st runner-up.

CJC ang overall champion sa Badminton at tutungo sa Davao Association of Catholic Schools (DACS). ***(Florenz L. Cameros)***



# Asul, pinutla ang Pula: 2-1

Tiniris ng Seniors ang Juniors sa pamamagitan ng mala-tigreng mga spike at naghari sa CJC Intramural Activities Volleyball Boys, ginanap sa CJC Open Court, ika-22 ng Oktubre, 2012.

Mainit ang labanan sa 1st set, ngunit ito'y nahinto sa 5-12 dahil sa biglaang pagbulusok ng panandaliang ulan. Subalit ito'y ipinatuloy at muling nagpaulan ng spike si Mariano ng Seniors at nauwi sa 16-25.

Paghantong ng 2nd set, sinuklian ng Juniors ang lahat ng banat ng Seniors sa 1st set. Tinadtad ngmarming spike ni Carillo at dink ni Bejarin ang Seniors at pinaigting pa ng Juniors and depensa at nanaig (25-13).

Nagliliyab ang hiyawan ng mga manonood sa 3rd set at humantong sa matitinding palitan at sampalan ng bola. Ngunit, umabante ang Seniors at binomba ng pabulusok na mga spike ang Juniors. Natapos ang laro sa isang nakagigimbal na rally na nagpanalo sa asul. ***(Florenz L. Cameros)***

*City meet*

# Lancers, binomba ang Marians: 3-0




Sipag. Tiyaga. Determinasyon. Ito'y ilan lamang sa ibinuhos ng CJC Lady Lancers laban sa HCAD Marians upang masungkit ang inaasam-asam nilang kampeonato sa Digos City Divisions Meet Volleyball Girls Championship game na ginanap sa Don Mariano Elementary School noong ika-8 ng Disyembre 2012.

Pinaghalong init ng araw, nakabibinging hiyawan at ganda ng labanan ang sumasalubong sa lahat, ngunit hindi nito nilusaw ang kagustuhang manalo ng bawat koponan.

Nagpaulan sina Hanna Placencia at Nicole Benjamin ng Lancers ng mga pamatay na spike mula sa matutulis na set ni Angela Quiñones sa simula pa lang ng laro na siyang nagpahirap sa Marians na dinagdagan pa ng matitinik na placing ng Lancers at nagtala ng anim na sunud-sunod na puntos sa 1st Set (25-14).

Bumida naman si Niña Te ng Marians at sinuklian ang mga banat ng Lancers na siyang nagpa-angat ng kanilang kumpyansa at pagdikit sa laban. Ngunit, hindi nagpadaig ang Lancers, sinalo ni Fiona Aves ang mga pabulusok na spike ni Te at binalik ang bola sa pamamagitan ng mga pabiglang dike ni Danielle Maranan at nanakaw pa rin nila ang 2nd Set na humantong sa 25-21.

Matinding depensa at maliksing opensa naman ng Lancers ang nagpasindak sa Marians sa 3rd set at nagpakawala ng mga umaatikabong spike at humakot sila ng puntos mula sa service aces na nagpanalo sa kanila sa laban.

Ang CJC Lady Lancers ang pupunta sa DAVRAA (Davao Regional Athletic Association) na gaganapin sa Tagum City sa darating na ika-26 ng Pebrero 2013. ***(Florenz Cameros)***

LATHALAING PAMPANITIKAN

# Ginintuang hampas



Binabagtas ko ang loob ng Cor Jesu College Gymnasium nang bigla akong hawiin ng aking paningin sa isang binatang halos lumilipad na makuha lamang ang bumubulusok na shuttlecock mula sa tira ng kaensayo.

Boom! Ako'y natigilan at napanganga sa lakas at bilis ng tirang kanyang ibinomba sa kalaban. Kahangahanga itong lalaking itong binansagang "Hari ng Badminton Court." Matitinik na drop, mababangis na smash at mautak na placing ang iginilas ni Jade Carillo isang labinlimang taong gulang at kasalukuyang nasa ikatlong baitang ng CJC BED.

Sinimulan niyang hamakin ang apat na guhit ng badminton court nang siya ay hamak na nasa ikaapat na baitang pa lamang. Sa bawat malabatong pawis, dugong sinayang at inilaan at sa 'di mabilang na mga gabing hindi siya pinatulog nang mahimbing ng sakit ng katawan na kanyang pinuhunan ay samu't saring parangal naman ang sa kanya'y iginawad. Walang takot niyang hinarap ang mga higanteng pagsubok at nakalululang pasakit na hatid ng bawat umaapoy na shuttlecock mula sa kanyang mga kakompetensya.

Bunga ng paghihirap at pagsisikap, siya'y naging DAVRAA player. Pagtungtong niya ng ikalimang baitang ay agad na bumulusok si Jade sa Palarong Pambansa na sinigundahan pa nang masungkit niya ang Silver Medal nang pumatong siya sa ikaanim na baitang. Agad-agad na umagos ang swerte at oportunidad sa binatilyo nang naging quarter finalist siya nang siya ay nasa ikalawang taon na ng sekundarya.

Sa bawat pagpatak ng segundo at pag-agos ng oras ay patuloy niyang nilalakbay ang daan patungo pa sa mas maraming karangalan. Sa kanyang murang edad malayo pa ang mararating ng kanyang – Ginintuang Hampas.

***(Aianna Bianca P. Birao)***

# *People's Champ, pinatulog ni Marquez*

Pinalamon ni Juan Manuel "El Dinamita" Marquez si People's Champ Manny "Pacman" Pacquiao ng isang pamatay na straight right hand na yumanig sa kanyang mukha na nagpadismaya sa Pacman fans at nagpabuhay naman sa mga Marquez fans sa 6th round via K.O. sa kanilang pang-apat na pagbabangga sa isang non-titled fight na ginanap sa MGM Grand Arena, Las Vegas Nevada noong ika-9 ng Disyembre, 2012.

Nagpaulan ng jab at maliliksing kumbinasyon si Pacman na sinuklian naman ng matitinik na counter ni Marquez ngunit, napunta parin kay Pacman ang unang dalawang round (10-9).

Nagimbal ang lahat nang pinikot ni Marquez si Pacman at nahulog sa kanyang patibong at nagpakawala ng isang pabulusok na right hook na nagpatumba sa kanya sa unang pagkakataon sa 3rd round.

Paghantong ng 5th round, sumigla ang mga Pacfans nang binigla ni Pacman ng isang nakatutulig na kaliwa si Marquez na naging dahilan ng pagtama ng kanyang gloves sa sahig at pagkawala ng kanyang balanse (10-8).

Umaaligablab ang labanan sa palitan ng mga suntok sa 6th round. Binomba ni Pacman ng matitinding one-two combinations si Marquez, ngunit ito'y sinuklian niya ng isang umaatikabong straight right hand na sumalubong sa mukha ng agresibong Pacquiao na siyang nagpabagsak na kanya at nagpasindak sa mga manonood at tumapos kay Pacman sa huling segundo ng round.

"I'm very happy. I know that I was strong and quick," sambit ni Marquez (55-6-1, 40 KO).

"I became overconfident. I never expected that punch. He got me with a really good punch." Wika ng natalong si Pacman na naging dahilan ng labis na pagkadismaya ng kanyang mga fans. "Well, you know, that's boxing. Sometimes you lose, sometimes you win," dagdag niya.

"If they wanna fight again, why not?" wika naman ni Top Rank promoter, Bob Arum. ***(Florenz Cameros)***

